KAKAMPINK

Gabay sa Pakikipagkapwa

“Ang budget natin, tiwala;
ang makinarya natin,
taong nagkakawang-gawa.”

In short, friends:

Kampanya natin ito.

Inaasahan na isasalamin natin ang values, direksyon, at kultura ng kampanya ni Leni Robredo: Bukas, hindi nangmamaliit, matulungin, self-starting, *mapagmahal*.

Kailangang buohin ang kulturang ito, para kapag kumausap tayo ng iba, gets nila 'yung sabi ni Ma'am Leni:

"Hindi sila ang kalaban; sila ang ipinaglalaban."

Sa ganitong paraan,
makaka-convert tayo,
dadami tayo,
mananalo tayo.

May ilang *tips* kami
para sa inyo.

Magpakilala nang maayos.

Kapag nagsimula ka sa "Sino iboboto mo sa halalan," baka magsara agad ang pinto. Hanapin ang points of commonality. "Ako si x, lumaki ako sa y, kaibigan natin pareho si z." Signal ito: Magkakarugtong ang diwa nating lahat.

Smile. Mas guwapol maganda ka pag ngumingiti.

Iwasang maging agresibo.
Maging magalang. Hindi debate
ang magpapanalo sa atin kundi
tunay pakikipagkapwa.





Iwas tayo sa angas.

Hindi ito tungkol sa kung sino ang mas mas edukado, mas patriotic, etc. Huwag mang-insulto. When we belittle others, nakakalimutan ng lahat na iisa lang ang pangarap natin para sa bansa.

Mangumusta.

Baka may inunfriend kang tropa dati, o kapitbahay na may pinagdadaanan pala. Pag nakita nilang may pink ribbon ka sa bintana at kinumusta mo sila with a smile, it drives home the message: Ang puwersang pink, mapagmahal.

Makinig muna.

Hindi lang ito tungkol sa boto. Tungkol ito sa pagbubuo ng bansa kung saan naghahanap tayo ng paraang mapagaan ang bitbit ng kapwa natin, dahil mahal natin ang isa't isa. Ang nagmamahal, nakikinig sa kuwento ng minamahal.

Tumulong hangga't kaya.

Ang "depoliticized voter" ay hindi bumoboto dahil sa pulitika; bumoboto siya sa serbisyo. Kung sa kampanya pa lang, matulungin na tayo, imagine kung gaano kalalim ang serbisyong makukuha sa isang pamahalaang Robredo!



Maging makatotohanan.

Truthful na hindi nagsisinungaling; sincere na kung ano ang nasa puso, 'yun din ang bukambibig. Kapag tumagos sa kausap natin ang lalim ng pagmamahal natin sa kanila, simula na 'yun ng pagbabago sa loob nila.

Magtiwala (within reason).

Hindi ito isang cloak-and-dagger operation na kailangang itago. Hindi naman sikreto na nakasentro sa pagtulong, pakikipagkapwa, at pagmamahal ang kampanya natin. Lean towards openness tayo mga 'tol. Malay mo, 'yung akala mong espiya, nag-aabang lang pala ng makikinig sa kanya.

Organize!

Hanapin ang kakampink sa barangay n'yo.
Plantito o plantita ka ba? Dog lover ka ba?
Hanapin ang mga Dog lovers for Leni,
sumali sa Dog Lovers Pilipinas, at doon
ibahagi ang mensahe natin ng pag-ibig.



Be proud.

Nakakahawa ang tapang; nakakahawa ang paninindigan. I-post sa social media ang lahat ng ginagawa mo; gamitin ang mga hashtag. Hahanapin ito ng campaign HQ at palalaganapin pa lalo.

Tandaan ang sabi ni Ma'am Leni:

"Madaling makipag-debate;
mas radikal ang magmahal."

Pag-ibig ang magpapanalo sa atin
sa laban na ito.

Nakaasa siya sa iyo.
Spread your wings and fly, kasama.
Nandito kami sa tabi mo.